# Ano ang Medicare?

This is an Official U.S. Government Product

Ang medicare ay health insurance para sa mga sumusunod:

- Mga taong 65 taong gulang o mas matandâ
- Mga taong wala pang 65 taong gulang na may mga takdang kapansanan
- Mga taong iba't-ibang edad na may End-Stage Renal Disease (ESRD) (permanenteng kidney failure na nangangailangan ng dialysis o kidney transplant)

## Ang Iba't-ibang Bahagi ng Medicare

Ang iba't-ibang bahagi ng Medicare ay tumutulong na masakop ang mga ispesipikong serbisyo:

**Medicare Part A (Hospital Insurance)**

- Tumutulong na masakop ang inpatient care sa mga ospital, skilled nursing facilities, ospisyo, at home health care.
- Ang karamihan ng mga tao ay hindi kailangang magbayad ng premium para sa Medicare Part A dahil sila o ang asawa ay nagbayad ng mga tax sa Medicare habang nagtratrabaho sa Estados Unidos. Kung hindi mo awtomatikong nakukuha ang premium-free Part A, maaaring puede ka pa rin mag-enroll, at magbayad ng premium.

**Medicare Part B (Medical Insurance)**

- Tumutulong na masakop ang mga serbisyo ng doktor at iba pang health care providers, outpatient care, durable medical equipment at home health care.
- Tumutulong na masakop ang ilang preventive services.
- Binabayaran ng karamihan ng mga tao ang standard na buwanang Medicare Part B premium.

**Paunawa.** Maigi ang kumuha ng coverage para sa mga gap sa Original Medicare coverage. Maaari mong piliing bilhin ang Medicare Supplement Insurance (Medigap) policy mula sa isang pribadong kompanya.

**Medicare Part C (tinatawag ding Medicare Advantage)**

- opsyon sa health plan na pinapatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na aprobado ng Medicare.  Ang Medicare Advantage Plans ay isang paraan upang makuha ang benefits at mga serbisyo na sakop sa ilalim ng Part A at Part B. Sakop ng Karamihan ng Medicare Advantae Plans ang Medicare coverage para sa de-resetang gamot (Part D).
- Ang ilang Medicare Advantage Plans ay maaaring magsama ng karagdagang benefits nang may karagdagang bayad.

**Medicare Part D (Ang Coverage ng Medicare para sa De-Resetang Gamot)**

- Tumutulong na masakop ang gastos para sa mga de-resetang gamot
- Maaaring tumulong na pababain ang iyong mga gastos sa de-resetang gamot at tumulong magprotekta laban sa mga mas mataas na gastos
- Pinapatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na aprobado ng Medicare.
- Ang mga gastos at mga benepisyo ay nag-iiba-iba depende sa plano.

**Paunawa.** May makukuhang tulong. Kung kaunti lamang ang iyong kinikita at resources, maaaring kwalipikado ka para sa tulong sa pagbayad ng iyong mga gastos sa Medicare health care at/o coverage para sa de-resetang gamot. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.socialsecurity.gov, tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213, o mag-apply para sa tulong sa opisina ng iyong State Medical Assistance (Medicaid).

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Medicare, bisitahin ang www.medicare.gov, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633 4227). Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

# Ano ang Medicaid?

Ang Medicaid ay ang health insurance na makukuha ng ilang mga tao at mga pamilya na kaunti lamang ang kinikita at resources. Ang mga patakaran sa pagbilang ng iyong kinikita at resources (tulad ng mga bank account o iba pang mga bagay na maaaring ibenta upang makakuha ng salapi) ay depende sa kung saang estado ka nakatira. Ang pagiging kwalipikado ay maaari ring depende sa iyong edad at kung ikaw ay buntis; kung ikaw ay bulag o may ibang mga kapansanan, at kung ikaw ay mamamayan ng US. Ang ilang mga legal na imigrante ay maaaring kwalipikado rin. Kung ang labor at panganganak ng isang babae sa kanyang anak ay sakop ng Medicaid, ang kanyang sanggol ay maaaring sakop nang hanggang
1 taon nang hindi kinakailangang mag-aplay.

Kahit na hindi ka sigurado kung ikaw ay kwalipikado, kung kaunti lamang ang iyong kinikita, at kung ikaw o kung may tao sa iyong pamilya na nangangailangan ng health care, dapat kang mag-aplay para sa Medicaid at hilingin ang isang kwalipikadong caseworker sa iyong estado na tingnan ang iyong sitwasyon.

Ang mga taong may Medicaid na may kapansanan o mga matatanda ay maaari ring makakuha ng coverage para sa mga serbisyo tulad ng nursing home care o mga serbisyo sa bahay at komunidad. Depende sa mga patakaran ng iyong estado, maaari ka ring hilinging magbayad ng maliit na bahagi ng gastos (copayment) para sa ilang mga medikal na serbisyo. Kung kwalipikado ka para sa Medicare at Medicaid, masasakop ang karamihan ng iyong mga gastos sa health care, kabilang ang coverage para sa de-resetang gamot.

Mayroon ka bang mga anak o mga apo na nangangailangan ng health insurance? Ang **Children's Health Insurance Program (CHIP)** ay nagbibigay ng access sa murang health insurance coverage para sa mga bata sa mga pamilya na sobra ang kinikita upang maging kwalipikado para sa Medicaid pero hindi sapat upang bumili ng pribadong health insurance.

Sa pangkalahatan, ang mga bata sa mga pamilya na may mga kita na hanggang $44,700 bawat taon (para sa pamilya na apat katao) ay malamang na kwalipikado para sa libre o murang health insurance na nagbabayad para pumunta sa doktor, pangangalaga ng dentista, mga de-resetant gamot, pagpapaospital, at marami pang iba. Sa ilang mga estado, ang mga pamilya ay maaaring magkaroon ng mas mataas na kita at kwalipikado pa rin ang kanilang mga anak. Ang mga buntis na babae at ibang mga taong nasa hustong gulang ay maaari ring kwalipikado para sa coverage. Ang bawat estado ay may sariling programa, na may sariling mga patakaran sa pagiging kwalipikado. Bisitahin ang www.insurekidsnow.gove o tumawag sa 1-877-KIDS-NOW (1-877-543-7669) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CHIP.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Medicaid (upang malaman kung ikaw ay kwalipikado o upang sumali), maaari mong tawagan ang opisina ng iyong State Medical Assistance (Medicaid) para humingi ng karagdagang impormasyon. Bisitahin ang www.medicare.gov/contacts o kaya'y tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) upang makuha ang numero ng telepono. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

CMS
CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product Blg. 11306-T (Tagalog)
Binago noong Setyembre 2011